Republic of the Philippines
# Department of Education
REGION III – CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OFFICE - SCIENCE CITY OF MUÑOZ

Agosto 5, 2022

**PANSANGAY MEMORANDUM**
Blg. 419, serye. 2022

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA 2022**

Para sa: Katuwang na Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro sa Elementarya at Sekondarya
mula sa Pampublikong at Pampribadong Paaralan
Iba pang Kinauukulan

1. Alinsunod sa itinakdang Proklamasyon Blg 1041 na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31, ang Lungsod Agham ng Munoz ay naghanay ng mga mungkahing gawain upang higit na mapahalagahan ang Wikang Filipino bilang pambansang wika at masunod ang layunin ng pagdiriwang na ilaan ang buwan ng Agosto bilang lunsaran ng pagpupunyagi sa kasaysayan ng bansa at wika.

2. Ipinatupad ng Komisyon ng Wikang Filipino (KWF) ang Kapasyahan ng Kapulungan Blg 8-6, serye 2022, na ang tema sa taong ito ay **"Filipino at Katutubong Wika: Kasangkapan sa Paglikha at Pagtuklas"**. Ito rin ay paggunita sa kaarawan ni Pangulong Manuel L. Quezon na ama ng pambansang wika.

3. Upang maisakatuparan ang tema at layunin ng gawaing ito ang lahat ng paaralan, maging ang Division Office ay inaasahang magsasagawa ng mga gawain na naaayon sa preperensya ng nasasakupan. Sa pamamagitan nito maipapakita ang kahagayan ng pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa kahit sa gitna ng Pandemya.

4. Hinihiling na gamitin ang opisyal na poster/logo ng Buwan ng Wikang Pambasa 2022 na makikita sa paaralan at *school facebook page. (lakip Blg 1)*

5. Lakip nito ang mungkahing gawain sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa 2022. *( lakip Blg 2)*

6. Inaasahang bawat paaralan ay magpapasa ng naratibong ulat sa nagawang pagdiriwang sa ika -5 ng Setyembre 2022,


7. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

DEP-ED SCIENCE CITY OF MUÑOZ RECEIVED AUG 09 2022 by:

**DANTE G. PARUNGAO, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION III – CENTRAL LUZON
SCHOOLS DIVISION OFFICE - SCIENCE CITY OF MUÑOZ

*Kalakip Blg 1*




Loyal, Excellent, Accountable and Dedicated to Service
**Address**: Brgy. Rizal, Science City of Muñoz, 3119
**Telephone No.**: (044) 806 -2192; **Email Address**: *munozscience.city@deped.gov.ph*
DSCM-QMS-QMR-QSF-008 Rev.04 (01.31.20)

Certificate No. 50500731 QM15

*Kalakip Blg 2*

**MUNGKAHING GAWAIN SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

| PETSA | GAWAIN | MEKANIKS |
|---|---|---|
| Agosto1-31, 2022 | Adbokasiya at Pagpapaigting | Paglalagay ng mga poster/ tarpauline sa mga paaralan at pag-upload ng poster/logo ng Buwan ng Wikang Pambansa sa school facebook page |
| Agosto 22-26, 2022 | **Pagsasagawa ng pansilid-aralan/pampaaralang gawain.**<br><br>**A. Madulang Pagkukwento ( Para sa Grade 3)**<br><br>**Pamantayan/Bahagdan**<br><br>a.Interpretasyon -40%<br>b.Hikayat- 20%<br>c.Bigkas- 20%<br>d.Tinig- 10%<br>e.Kaangkupan ng diwa at damdamin- 10%<br>**Kanbuoan- 100%** | **Patnubay sa Kalahok**<br>1.Isang kuwento ang bibigyan ng interpretasyon batay sa ibibigay ng mga hurado/tagapag-organisa sa takdang araw ng paligsahan;<br>2. Iikot ang interpretasyon sa kuwento lamang;<br>3. Ang kalahok ay wala nang piyesang hawak habang nagtatanghal;<br>4.Habang nagtatanghal ang unang kalahok, pag-aaralan ng susunod na kalahok ang kuwentong bibigyan ng interpretasyon na tatagal ng 10 minuto. Susundin ang paraang ito hanggang sa pinakahuling kalahok;<br>5.Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang kuwento; at<br>6. Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa limang (5) minuto; |
| | **B. SULKAS-Pagsulat at Pagbigkas ng Tula ( Para sa Grade 6)** | **Patnubay sa Kalahok**<br>1.Ang tulang isusulat ay naaayon sa tema na ibibigay ng hurado/tagapag-organisa sa araw ng patimpalak; apat na saknong na binubuo ng apat na taludtod na may tugma; |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagsulat**<br><br>a. Nilalaman<br><br>Kaugnayan sa paksa 30%<br>Organisasyon ng diwa 30%<br><br>**Pagbasa**<br><br>Hikayat 20%<br>Tinig at bigkas 20%<br><br>**Kabuoan 100%** | 2.Ang opisyal na gagamiting papel ay magmumula sa tagapag-organisa;<br>3.Ang mga kalahok ay bibigyan ng isang (1) oras na pagsusulat at 15 minutong pag-eensayo;<br>4.Ang lahat ng papel ay lilikumin ng tagapagdaloy at sisimulan na ang pagtatanghal;<br>5.Ang lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi naririnig ang pagtatanghal;<br>6.Ang bawat kalahok ay bibigyan ng limang minuto sa pagbigkas ng tula kasama ang pagpasok at paglabas mula sa entablado gamit ang tulang sinulat na ibibigay muli ng tagapagdaloy; |
| | **C. Interpretatibong Pagbasa ( Para sa Grade 10)**<br><br>**Pamantayan/Bahagdan**<br><br>a.Interpretasyon -50%<br><br>b.Hikayat- 20%<br><br>c.Bigkas- 20%<br><br>d.Tinig- 10%<br><br>**Kabuoan- 100%** | **Patnubay sa Kalahok**<br>1.Ang piyesa ay manggagaling sa hurado/tagapag-organisa at ibibigay sa takdang araw ng pagtatanghal;<br>2.Isang piyesa lamang ang bibigyang interpretasyon;<br>3.Bibigyan ng 10 minuto ang bawat kalahok upang pag-aralan ang piyesa at 10 minutong pagtatanghal;<br>4.Ang pagtatanghal ay hindi lalampas sa 10 minuto kasama ang pagpasok at paglabas sa entablado;<br>5.Lahat ng kalahok ay mamamalagi sa isang malaking silid na hindi maririnig ang pagtatanghal ng iba pang kalahok; samantalang ang kasunod na kalahok ay mamamalagi naman sa isa pang silid upang pag-aralan ang piyesang babasahin;<br>6.Walang anumang **props** o kagamitan, musika at |

| | | |
|---|---|---|
| | | instrumento na dadalhin at gagamitin ang mga kalahok;at<br>7.Iikot ang interpretasyon sa piyesa lamang at walang adlib. |
| | **D. Dagliang Talumpati ( Para sa Grade 12)**<br>**Pamantayan/Bahadan**<br>a.Nilalaman - 40%<br>b.Hikayat- 20%<br>c.Bigkas- 20%<br>d.Tinig- 20%<br>**Kabuoan- 100%** | **Patnubay sa Kalahok**<br>1.Ang paksa ay manggagaling sa hurado/tagapag-organisa at ibibigay sa takdang oras;<br>2.Ang bawat kalahok ay bibigyan lamang ng tatlong (3) minutong paghahanda at tatlong (3) minutong pagtatalumpati; at<br>3Itataas ang banderang berde bilang hudyat ng pagsisimula, banderang dilaw bilang hudyat sa nalalabing 30 segundo, at banderang pula bilang hudyat na tapos na ang pagtatalumpati. |
| Agosto 30, 2022 | Pampinid na Palatuntunan ng SDO Munoz | Isasagawa ang pampinid palatuntunan sa SDO Munoz na pangungunahan ng CID.<br><br>Inaasahan na lahat ng kawani ng SDO Munoz ay nakasuot ng kasootang Pilipino |
| Agosto 30-31, 2022 | Pampinid na Palatuntunan ng mga Paaralan | Pagsasagawa ng maikling palatuntunan at paggawad ng sertipiko ng pagkilala sa mga nagwagi sa patimpalak. |